

# Chapter One

"I am back!" naibulalas ni Cathy nang lumapag ang eroplanong sinakyan sa international airport. It was early morning.

Malakas ang kabog ng kanyang dibdib. Four years ago, she left her family. Kung hindi dahil sa ina ay talagang hindi siya babalik habang buhay pa ang kanyang ama. Subalit inutusan siya ng huli na umuwi. Wala itong binanggit na detalye kung ano ang nangyari sa ina niya.

*It's about your mother. Emergency.* Iyon lang ang laman ng sulat nito. Dahil doon ay nagpa-book siya kaagad ng airline ticket para makauwi ng Pilipinas. She dreaded going back home, but she had no choice.

---

She couldn't turn her back on her mother even though she hated her legal father.

All these years, mula nang ang lumisan si Cathy sa kanila ay ngayon lamang sumulat sa kanya ang ama. It must be serious. She was worried.

Mabuti na lamang at pinayagan siya ng kanyang mabait na employer na umuwi na muna. Cathy worked in Canada. Tatlong taon siyang naging nanny bago naging storekeeper. Her life over there was getting better, but she had to come home. Na-miss din niya nang husto ang kanyang inang si Dorina. They had been in contact via emails. Ngunit kailan lamang ay napansin niyang hindi na ito sumusulat. Nang minsang tinangka niyang tumawag ay nagpalit na ng home number. It was odd that her mother would not contact her for a month.

Sakay ng taxi ay nagpahatid siya patungo sa tirahan nila sa Muntinlupa.

Nang nasa front gate na siya ng malaking bahay ay nais niyang tumalikod at umalis. But she thought of her mother. Tinapangan niya ang sarili.

Kinausap ni Cathy ang security guard at pinapasok siya nito. Sinabi pa nitong naghahintay raw ang ama niya sa kanyang pagdating. She grimaced.

Napatigil siya at pinagmasdan ang malaking bahay na minsan ay naging bahagi ng kanyang buhay. It was no longer a home for her. So much unpleasant memories in the big house.

Kupas na ang pintura ng mga dingding sa labas at ang lawn na dati ay well-maintained ay tila napabayaan na. The flowers were untrimmed. It looked like Ned had struggled maintaining the property.

Hindi na siya takot kay Ned. She's prepared now. If he attempted to even lay a finger on her ay may panlaban na siya. And now, she had to face the devil to find out what was happening.

Cathy took a deep breath and walked toward the front door. Biglang bumukas ang pinto at iniluwa niyon ang mataba niyang ama. He even smiled at her. Tinitigan niya lamang ito nang matalim.

“You came home.”

Matalim pa rin siyang nakatingin dito. “Nasaan si Mommy?”

Sumimangot ito. “Pumasok ka. Mag-uusap tayo tungkol sa iyong ina.” Tumalikod ito at sumunod siya dala ang kanyang travelling bag.

Naupo si Cathy sa living area. She looked around

the house. It didn't look like the way it used to be.

Nawawala na ang mga mamahaling paintings na nakasabit noon. At wala na rin ang mamahaling gamit sa loob. Hah! Ned was struggling financially. She wanted to laugh.

“Well?” naiinip na untag niya.

“Ipaakyat mo na lang iyang bag mo sa silid mo,” turan nito.

“I don't think so. Wala akong balak na mag-stay dito. I came only for Mom. Tell her na nandito na ako.”

“Are you telling me what to do?” Galit na nakatingin sa kanya si Ned.

Nagkasukatan sila ng titig. Cathy didn't back down. “Sinulatan mo ako. So, cut the shit and tell me what this is all about.”

“You better learn to curb your tongue kung gusto mo pang makita ang ina mo. Pinauwi kita rito to give you a bargain. Kung gusto mo pa siyang makita, you will do what I want you to do.”

She laughed sarcastically, ngunit malakas ang kabog ng dibdib. She didn't like what she was feeling. Ginagamit nito ang ina laban sa kanya. “And what is the bargain with the devil?”

He looked angry, and then smiled devilishly.

“Maninilbihan ka ng isang taon sa taong pinagkakautangan ko. Pagkatapos ng agreement ay saka ko sasabihin kung saan mo makikita ang mommy mo.”

Hatred and rage surged into her. Naikuyom ng dalaga ang mga kanyang palad. “Ako ang ipambabayad mo sa utang mo?” she said incredulously. “Talagang wala ka ngang silbing tao!”

He raised his hand to hit her. She didn’t even flinch. Galit na tinitigan niya ito. Ibinaba ni Ned ang kamay nito saka napahalakhak.

“Ang tapang mo na ngayon,” puna nito.

“Nasaan si Mommy?” galit niyang sigaw.

“I told you the bargain.”

She shivered when the thought came into her head. “T-tell me, is she alive?”

“Yes. Inilagay ko siya sa isang lugar kung saan maaalagaan siya nang husto. She’s ill, but she will be all right.”

Namutla ang dalaga. May dinaramdam pala ang kanyang ina. Naikuyom niya ang dalawang palad sa galit.

“Pinalaki kita, pinakain, pinag-aral at binihisang.

Ngayon, kailangan mong bayaran ang utang-na-loob mo. Gusto mo ba siyang makita o hindi?"

The nerve of this asshole! Kung tutuusin, pera ng kanyang ina ang ginamit nitong puhunan sa negosyo. Yet, the man wasn't even grateful to his wife when he became successful. He hurt her and betrayed her. Kung puwede lamang sana niyang sipain at suntukin ang lalaking ito ay gagawin niya.

"Are you going to tell me where she is kung papayag ako?"

"Sasabihin lang ko sa 'yo pagkatapos ng isang taon... pag tapos na ang agreement."

Sinungaling ang kanyang ama. Ngunit wala siyang choice. Hawak nito ang alas. "M-magiging katulong ako ng isang taon sa taong pinagkakautangan mo?"

"He will have a right over you. Titira ka sa bahay niya at pagsisilbihan mo siya in any way he wants." Ngumisi ito na parang demonyo.

Cathy was tempted to wipe the smile on his face. She gritted her teeth in anger. Hindi niya gusto ang implikasyon ng salitang 'paninilbihan' sa lalaking pinagkakautangan nito. He's literally selling her!

Tumayo siya at hinablot ang kanyang travelling

bag. She turned and headed toward the door.

“Saan ka pupunta?” sigaw ni Ned.

Hindi sumagot ang dalaga. Nagtuloy-tuloy lamang siya sa paglabas at patungo sa gate. Hinding-hindi na siya tatapak pa sa bahay na iyon.



Tumuloy siya sa isang hotel. In her room, she cried hard from anger and frustration. Narito na siya sa bansa pero hindi niya makikita ang ina. Wala siyang malalapitang kaibigan. She's literally alone with her problems. She needed to be strong. She refused to be sold.

May dala siyang pera. Kailangan ay kaagad siyang gumawa ng paraan upang mahanap si Dorina.

Malakas at masama ang kutob niya na ang tinutukoy ni Ned na paninilbihan sa isang mayamang lalaki ay hindi bilang katulong. He would probably make her as a mistress or worse, pampalipas-oras ng mga kaibigan nito. Napaimpit siya dahil akala niya ay lulubayan na siya ng ama, ngunit nais pa rin pala nitong gawing impyerno ang buhay nilang mag-in'a.

Alam niyang anuman ang mangyari, gagawin niya ang makakaya para sa kanyang ina.

Bigla niyang naisip na mag-hire ng isang private investigator. Pinahid niya ang luha at bumaba siya upang kausapin ang concierge ng hotel. Hindi siya nabigo, may inirekomenda itong tao na maaaring makatulong sa kanyang paghahanap. Binigyan si Cathy ng contact number na kanyang ikinagalak.

Pagbalik sa silid ay kaagad niyang tinawagan ang numero. Sumagot ang lalaking pakay niya ngunit busy raw ito. He agreed to meet her in two days. Ibinigay nito sa kanya ang address ng opisina.

Cathy was disappointed after the call. She could not afford to lose any more time.

Nanlumo siya nang wala nang mai-recommend ang concierge na ibang makakatulong sa gusto niya. Mabigat ang loob na naupo siya sa gilid ng kama.

Nang makaramdam siya ng gutom, napilitan siyang bumaba sa restaurant ng hotel upang mag-lunch.

Tila wala siya sa sarili habang naglalakad. Papasok na sana siya sa restaurant nang may bumangga sa kanya. Napasigaw siya sa kabiglaan at nawalan ng balanse. Suddenly, strong hands held her, preventing her from hitting the floor.

Nagpapasalamat na tumingala siya. Nasalubong

ng kanyang paningin ang isang lalaking nakakunot-noo.

“I’m sorry. Nagmamadali kasi ako at hindi ko napansin ang pagpasok mo,” paliwanag nito.

He held her until she was steady on her own feet. Hindi kaagad nakapagsalita si Cathy. She stared and gawked at the tall, dark-haired gorgeous man holding her. He was dressed in dark gray suit.

His expression softened. “Okay ka lang ba?” tanong nito na nakatitig sa kanyang mukha. Hawak pa rin siya nito sa magkabilang niyang braso. He rubbed her arms, unconsciously.

Nanlaki ang kanyang mga mata. His touch sent bolts of energy through her body. Bago ang sensasyong kanyang naramdamahan. The stranger made her feel something undescribable.

*Ano ba’ng nangyari sa akin? I think I’m just tired.* Napakurap siya at napahakbang paatras para bitiwan na siya ng lalaki. Napalunok siya. “I... I’m fine. Just hungry kaya nagmamadali akong pumasok nang hindi tumitingin na may lalabas. My mistake. I’m sorry for the inconvenience.”

Hindi kaagad nakapagsalita ang estranghero. Nanatili itong nakatitig sa kanyang namumulang

mukha. She felt so conscious by his intent gaze. Alam niyang nakaharang siya sa daraanan nito. Tumabi siya upang putulin ang eye contact nila.

“It’s good that you are okay. Excuse me,” he said and left.

